

# 1

Isang love song ang kasalukuyang pumapailanlang mula sa radio booth ng programang *Radio Request*.

*You were there*

*You were everything*

*I've never seen*

*You woke me up*

*From this long and empty sleep*

*I was alone*

*I opened my eyes and you were there....*

“That love song was dedicated to Cindy from her sweetheart, Bong. Cindy, if you’re listening, Bong says he loves you so much.”

Kinikilig pa si Raquel habang binabasa ang note na hawak niya. Katulad niya, alam niyang ang mga nakikinig sa kanyang palatuntunan sa radio sa gabing iyon ay mga nagsisipagkiligan din. Pagkatapos niyon

ay hinayaan niyang pumailanlang ang advertisements, sabay tanggal sa kanyang headphone.

“Haay naku! Kung lahat ng lalaki ay ganito ka-sweet, siguro ngayon ay may boyfriend na ako,” nakangiting sabi niya kay Sammy, ang assistant niyang sing-tangkad ng poste.

“Ikaw lang naman, Raquel, eh. Masyado kang pihikan,” pabirong tugon nito.

“Ang sabihin mo, wala lang talagang magseryosong lalaki sa akin.”

“Sa ganda mong iyan, walang magseseryoso sa iyo? Oh, come on!”

“Para namang hindi mo kilala si Ate Judy.” Ang tinutukoy niya ay ang nakatatandang kapatid na babae. Ito ay isang Computer Science graduate na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang kilalang computer company sa New York City.

“What about her?” tanong ni Sammy.

“Kung ganoon ako kaganda, hindi na siguro magdadalawang-isip ang mga guys na lumapit sa akin. God, ang ganda-ganda talaga ng ate ko!”

Tiningnan pa nito ang picture ni Judy na naka-display sa picture frame na yaring kahoy. “No doubt

she's beautiful. But then, so are you. I mean, look at you....” Hinawakan pa siya nito sa magkabilang balikat. “Kung ang bawat babae ay may mga matang kasing-kinang ng mga mata mo, siguro’y maliligawan ko silang lahat.”

Nagtawanan pa ang dalawa na parang sila ang magkapatid. Pagkatapos ay umalis na ang lalaki sa booth niya. Kapwa sila naglagay ng headphones.

“Raquel, you’re on five... four... three... two....” Tamang-tamang pagsenyas nito ng bilang ng isa ay nagsimula nang magsalita ang dalaga.

“Good evening, ladies and gentlemen. I’m Raquel Pascual still here on *Radio Request*, 99.9. Tulad ng dati, I’m looking for three callers this evening. Tell me about your favorite song, how you feel about it, at kanino ninyo dine-dedicate ang songs na iyon. “Our first caller is Margie from Pasay. Hi, Margie,” masayang bati niya.

“Hi, Raquel. It’s me again.” Madalas tumawag si Margie sa kanila. Pamilyar na rin siya sa boses nito.

Ganoon talaga ang callers ng *Radio Request*. Mainam nilang nagugustuhan ang format ng show ni Raquel kaya attached na sila rito. Isa pa, dahil nga sa mabait magsalita ang dalaga, ang turing sa kanya

ng callers niya ay isa nang malapit na kaibigan.

“Thank you for calling again, Margie.”

“Luma na kasi iyong t-shirt na ibinigay ninyo sa akin, eh. Baka puwedeng makihingi uli,” biro ng babae sa kabilang linya.

Ang tinutukoy nito ay ang t-shirts na ibinibigay ng *Radio Request* sa callers na member sa *Radio Request Club*. Ito ay isang uri ng samahan na kung saan ay nakaka-avail ang callers ng iba’t ibang giveaways mula sa station. May prizes at stake pa kapag may raffle ng contest tuwing ikatlong buwan.

“Ikaw talaga, Margie, ang daya-daya mo. Kabibigay nga lamang namin sa iyo, eh,” biro niya.

“Hindi, loko lang.”

“So, what song do you want me to play for you this time?”

“Siyempre, iyong favorite ko. And that song goes to my one and only love, Bill. Bill, if you’re listening, Happy Anniversary.”

Hindi na tinanong ni Raquel kung ano ang favorite song ni Margie. Pagkatapos pa ng kaunting pag-uusap ay pumailanlang ang kantang *Ever Since The World Began* ng *Survivors*.

Nag-entertain pa siya ng dalawang callers at pinatugtog ang requests ng mga nito.

“Our final caller for this evening is Bruce from Makati. Bruce, you’re on the air. What do you want me to play for you?”

“I would like to hear the song *One Last Cry* by Brian McKnight.”

“Whom do you want to dedicate that song to?”

“To myself.”

“Bakit? Heartbroken ka ba?” concerned na tanong ni Raquel. May dalawang taon na siyang disk jockey sa *Radio Request* pero noon lamang siya naka-encounter ng caller na nagre-request ng isang awitin para sa sarili nito.

“A bit.”

“A bit?”

“Yes, a bit na lang. I’ve been carrying this feeling for more than a year now. And I think tonight will be my last cry for the love I lost.”

Lihim siyang humanga sa kausap. *Malalim iyon, ah*, aniya sa isip. “Eh, kung kasing-ganda ko siya, talaga sigurong iiyakan mo. Kung hindi naman, well,

she does not deserve your one last cry,” pagbibiro pa niya . “Hindi, loko lang, ha? Baka kapag nagkita tayo, sapatusin mo ako.”

“Okay lang. I’m cool.”

“That’s good. So now, Bruce, here’s your song.” Pinapatugtog na ang awiting *One Last Cry* nang ibababa na sana ng lalaki ang telepono. “Sandali lang,” pigil niya. Off the air na sila kaya puwede na niyang kausapin nang matagalan ang caller. “Is this your first time to join *Radio Request*?”

“I’ve been your listener for a year now. But yes, this is the first time I’ve called.”

“What moved you to request a song tonight?”

“Nothing, really. I just like the songs that you play, and most especially, I like the way you host your show. Keep it up.”

Natuwa siya sa papuri nito. “Thank you, Bruce. I hope this won’t be your last call to *Radio Request*.”

“I’ll call you whenever possible.”

“Please do. And for that, our program will give you a shirt and a cap—a welcome gift.”

“Teka, teka,” hirit pa ng kausap.

“Is there something else I can do for you, Bruce?”

“Hindi naman ako magiging regular caller dito. I mean, I may call at times. But... but....”

“I assure you, Bruce, your call is always welcome. Thank you for tuning in to *Radio Request*.”

Ibinaba niya ang telepono nang makitang sumesenyas na si Sammy sa kanya. Itinaas na nito ang kamay upang sumenyas ng bilang nito.

Matapos ang bilang ng assistant ay muling nagsalita ang dalaga on air. “Thank you, Philippines, for staying tuned to *Radio Request*. This is your host, Raquel Pascual. Good night.”

Pinatugtog niya ang kantang *What’s Forever For* ni Michael Murphy bilang hudyat ng kanyang pamamaalam. “Hi, Rodney!” masayang bati niya sa kasamang radio announcer sa 99.9. “It’s all yours.”

Binitbit ni Raquel ang lahat ng kanyang mga gamit saka tumayo sa kinauupuan upang bigyang daan ang kaibigan na magsimula sa programa nito. Isang oras na pulos 1970’s music naman ang theme ng programa Rodney.

Sandaling nagkuwentuhan pa sila. Mayamaya ay napansin nilang patapos na ang kanta ni Michael

Murphy.

“I’ll go ahead, Rodney,” paalam niya.

“You take care,” anito, sabay upo sa inokupahan niyang silya. Nagsimula na itong maglagay ng headphones at saka naghintay sa hudyat ni Sammy.

---

Nagtungo si Raquel sa kanyang kotse na nakaparada sa parking lot ng *Philcomsen Building* sa Pasig City. Ang unang-una niyang gagawin pag-uwi sa kanyang condominium unit ay ang humilata sa king-sized bed, iyon ang nasa isip niya kaagad.

Habang nasa station pa siya at kausap sina Sammy at Rodney ay masigla siya, walang nadaramang pagod. Pero ngayong mag-isa na lamang siya ay parang unti-unti niyang naramdaman ang pagkahapo.

Mentally exhausting din ang pagiging disk jockey. Dalawang taon na rin niyang ginagawa iyon. Ang maganda lamang sa kanyang trabaho, parang naglalaro lamang siya dahil halos kapamilya na ang turing niya sa lahat ng mga kasamahan magmula sa station manager, sa program assistants, sa co-deejays at kahit ang callers niya. Iyon nga lang, sa tuwing uuwi na siya, unti-unti na ring nabubura ang mga ngiti sa kanyang mga labi lalo na at wala naman



siyang uuwian sa kanyang unit.

Hindi namalayan ni Raquel na lumiko na pala siya sa *Hampton Gardens Condominium* kung saan siya nakatira. Kaagad na binuksan ng guwardya ang gate nang makilala ang kanyang sasakyan. Ipinarada niya ang *Honda Civic* sa nakadestinong espasyo para sa kanya.

Dahan-dahan siyang umakyat patungo sa ikalawang palapag at tinungo ang pang-apat na pinto. Pagkapasok sa unit at pagkalapag sa kanyang mga gamit ay dumeretso siya sa bathroom upang mag-hot bath sa marmol na bathtub.

Habang nahuhumaling sa paglalaro sa mga bulang nakapaligid sa hubad na katawan, unti-unti siyang pumikit at hinayaang dumaloy ang mga alaala ng nakaraan sa kanyang isipan....

---

Anim na taon pa lamang si Raquel nang pumanaw ang kanyang ina. Ayon sa ama, isang uri ng cancer ang ikinamatay nito. Lumaki siya sa piling ng ama at sa ilalim ng anino ni Ate Judy na dalawang taon ang tanda sa kanya.

Nang mamatay ang kanilang ina, labis na naging seryoso si Judy sa buhay. Ang isipan at gawi nito ay

parang hindi galing sa isang walong taong gulang na bata. Malaki ang naging epekto ng pagkamatay ng kanilang ina sa buhay nito. Doon nagsimulang magkaroon ng pader sa gitna ng magkapatid.

Noon ay palagi silang magkasamang naglalaro pero nang malapit nang pumanaw ang kanilang mommy at laging nag-a-out-of-town ang daddy nila dahil sa nature ng trabaho nito ay inihabiling mabuti kay Judy si Raquel. Naging masyado itong istrikto lalo na sa kanya—sa paglalaro, sa pag-aaral at maging sa pakikisalamuha sa ibang tao.

Seryoso ito sa lahat ng bagay. Kaya sa tuwing magtatapos ang klase, palagi nitong nakakamit ang first honor. Samantalang siya ay palaru-laro lamang. Matalino rin siya ngunit likas na sa kanya ang maging playful. Kahit lagi siyang sinasaway ng kanyang ate, hindi siya nagpapapigil. Magkasalungat ang ugali nila. Kung seryoso si Judy, siya ay kuwela.

Kung anyo ang pag-uusapan, hindi rin sila mapagkakamalang magkapatid. Si Judy ay lumaking matangkad na namana nito sa kanilang ama, balingkinitan at medyo maputi ang kutis. May natural wave din ang buhok nito kaya madalas ay maikli ang hairstyle nito na bagay na bagay naman dito. Sa unang tingin pa lamang ay mahihinuha nang malakas

ang personalidad nito, mukhang matalino at smart tingnan.

Si Raquel sa kabilang banda ay hindi maitatwang maganda rin. ‘Morena Beauty’ ang tawag sa kanya ng mga kamag-aral noon. Moreno kasi ang kulay ng balat ng kanyang ina at dito siya nagmana. Tuwid na tuwid ang buhok niya na sing-itim ng gabi. Ang kapatid niya ay 5’8” ang tangkad samantalang siya ay naiwan sa 5’1”.

Isa lamang ang nilamang ni Raquel sa ate niya. Siya ay biniyayaan ng isang masarap pakinggan na speaking voice. Sa declamation contests at school plays, palagi siyang bida. Kaya kahit na palagi siyang natatalo ng kanyang ate sa maraming bagay, hindi siya nakakaramdam ng inggit dito. Alam niyang may sarili siyang paraan upang makilala ng mga tao.

Gayunpaman, mula noon pa ay hindi na maiwasan sa mga tao ang pagkumparahin sila sa lahat ng bagay.

Nag-graduate na *summa cum laude* si Judy sa kurso nito at kaagad na nakapagtrabaho sa Amerika. Pagkalipas ng isang taon, napilitan itong umuwi nang mamatay ang ama nila sa isang boat accident.

Noon naramdaman ni Raquel na muli ay

kailangan niya ang kalinga ng kanyang Ate Judy. Nag-iisa na naman siya, walang katuwang.

“Isasama kita sa States. Doon na tayong dalawa,” suhestyon nito.

“Ayaw ko, Ate,” desisyon niya. “Mami-miss kita pero hindi ako maaaring sumama sa iyo.”

“Pero hindi ko maaaring iwan ang trabaho ko doon. Ang totoo niyan ay nag-house loan na ako at binigyan na ako ng kotse ng kompanya. Nandoon ang buhay ko. Kaya kailangang sumama ka na sa akin.”

Ngumiti siya sa kapatid. “Hindi para sa akin ang Amerika, Ate. Kontento na ako rito. Sana’y maunawaan mo ako tulad ng pag-unawa ko sa iyo.”

Wala na ring nagawa si Judy. Inihabilin dito ng ina ang nakababatang kapatid subalit may sarili nang isip si Raquel at nakakapagdesisyon nang mag-isa. “I will always be here for you. I’m just a phone call away, okay?”

Matagal silang nagyakap nang ihatid niya ito sa airport para muling tumungo sa sariling mundo nito.

Sa wakas ay umalis na rin si Judy. Wala na nga ito ngunit may pinabaon ito sa kanya—inferiority complex. Isa itong bagay na kahit saan siya tumungo

*It Might Be You - Marga Soriano*

---

ay dala-dala niya; isang bagay na hindi niya matapuntapon. At naunawaan ni Raquel, iyon ay bahagi na ng kanyang pagkatao.

## 2

Mula sa azotea ng mansyon niya sa Tarlac, malayo ang tinatanaw ng mga mata ni Bruce, parang sinisipat ang lawak ng kanyang dalawa at kalahating ektaryang lupain. Habang patuloy na nag-iisip ay umupo siya sa silya habang paminsan-minsan ay nilalagok ang red wine sa tangan niyang kopita.

Tila nababagot sa kanyang ginagawa, tinungo niya ang sala at doon nagpatuloy sa pag-inom. Napadako ang kanyang tingin sa naka-display na family portrait nila. Isa-isa niyang tiningnan doon bawat miyembro ng kanyang pamilya. Sa larawan ay nakatayo siya at ang nakababatang kapatid na si Barry sa likuran ng nakaupong mga magulang nila, sina Don Arturo at Doña Veronica.

Nami-miss na rin niya ang malalakas na halakhakan ng kanilang buong pamilya sa mansyon na iyon habang ginaganap ang pinakamahahalagang pagdiriwang sa loob ng maraming mga taon. Ngayon, ang lahat ng halakhakan ay naglaho nang parang bula.

Maagang pumanaw ang kanyang mga magulang na nagbigay ng daan para maaga niyang hawakan

at pamahalaan ang kanilang negosyo at ari-arian. Si Barry naman ay may sarili nang pamilya sa Australia. Doon ito nagpapalakad ng ilan pang mga naiwang negosyo ng kanilang mga magulang. Noon pa niya pinangarap na sana, katulad ng kanyang nakababatang kapatid, siya rin ay may katuwang sa buhay.

Ang buong akala ni Bruce ay nakita na niya ang babaeng hinahanap sa katauhan ni Alison, isang babaeng taga-alta-sosyedad. Ngunit kay dali palang gumuho ng hinabing mga pangarap....

---

May dalawang taon na silang may relasyon ni Alison. Ang lahat ng mga kaibigan at kamag-anakan ni Bruce ay sabik na sabik na sa kanyang nalalapit na kasal. Si Barry ay naghanda na rin ng plane ticket para sa kanila ng esposa upang makauwi sa Pilipinas sa araw ng kasal ng nakatatandang kapatid.

Subalit ang lahat ay nauwi sa walang kabuluhan.

Isang linggo na lamang bago maganap ang kanilang kasal, naisip ni Bruce na dalawin ang kanyang kasintahan sa bahay nito. Nagdala pa siya ng isang dosenang red roses upang iabot dito.

“Auring, ang ma’am mo, nariyan ba?” bati niya

sa katulong na noon ay nagdidilig ng mga halaman.

“Ay, kabayo ka!” gulantang na reakyon ni Auring. Sa katarantahan, naitapat nito ang hose na hawak sa binata.

“Ano ka ba naman, Auring? Bakit ako ang diniligan mo?” naiinis na sabi niya habang pilit na pinupunasan ang nabasang polo shirt.

Sa sobrang pagkapahiya ng katulong ay dagli nitong binitawan ang hawak. “K-kasi naman po, Sir, eh... h-hindi ko naman po aakalaing pupunta kayo rito ngayon. Eh, hindi po ba, hindi naman po ito ang araw ng dalaw ninyo kay Ma’am Alison?” namumutlang sabi nito.

“Ikaw naman, Auring. Hindi na ako bago sa iyo. Mahigit dalawang taon na akong dumadalaw dito. Bakit parang gulat na gulat ka na parang ngayon mo lang ako nakita?” takang usisa niya.

“Eh, kasi po.... Eh... Sir, kasi po, eh....”

“Eh, eh, eh. Iyon lang ba ang maisasagot mo? Nakita ko ang kotse ng ma’am mo, siguradong nandiyan siya. Mapuntahan na lamang nga si Alison.”

Akmang tutungo na siya sa loob ng bahay nang hawakan siya nito sa kamay. “Sir, sandali po! Huwag



po kayong papasok sa loob.”

“Bakit?” nagsususpetsang tanong niya. “Ano ba ang mayroon diyan at ayaw mong ipakita sa akin?” Inalis niya ang pagkakahawak nito sa kanya.

“Sir...”

Wala na ring nagawa si Auring. Dere-deretso si Bruce sa pag-akyat sa bahay ni Alison.

Walang katau-tao sa loob. Naisip niyang baka nagpapahinga sa loob ng silid nito ang kanyang fiancée. Sosorpresahin na lamang niya ito roon.

Dahan-dahan siyang umakyat sa hagdan patungo sa kuwarta ng babae. Nakangiti pa siya habang unti-unting pinipihit ang seradura ng pinto nang may marinig siyang mga tinig mula sa loob ng silid.

“Paano kung mabuko tayo ni Bruce?” narinig niyang sabi ng isang lalaki. Doon pa lamang ay parang naramdaman na ni Bruce na umakyat ang dugo sa kanyang ulo.

“Ano bang buko-buko iyang sinasabi mo? Nakita mo namang patay na patay sa akin ang lalaking iyon. Remember, isang linggo na lamang at magpapakasal na kami. Magiging mayaman na uli ako. Alam mo naman siguro na naghihirap na rin ang kalagayan

ko sa buhay. Si Bruce ang tanging pag-asa ko upang umahon muli.”

“At pagkatapos noon?”

“At pagkatapos ay kukunin ko lahat ang kayamanan niya. Tayo ang magsasama, Mahal.” Naghalakhakan pa ang dalawa bago ipinagpatuloy ang pag-uusap.

“Lalayo tayo rito. Doon tayo sa lugar na hindi na niya tayo makikita. Tayo lang... at ang kayamanan niya,” tinig na naman ng lalaki ang kanyang narinig.

Hindi na siya nakapagtiis pa. Ipinihit na niya pabukas ang seradura ng pinto; pulang-pula ang kanyang mukha sa galit.

“Bruce!” Namutla si Alison nang makita siya. Tanging manipis na kumot lamang ang nakatakip sa hubad na katawan nito. Naroon sa tabi nito si Gregor, isa sa mga kaibigan nilang dapat sana ay magiging best man niya.

“L-let me explain, Sweetheart.” Itinaas pa ng babae ang nakatakip na kumot sa dibdib nito.

“You don’t need to explain anything,” nagtitimpi niyang sabi. “Alam ko na ang lahat. Salamat sa paliwanag ninyo kanina at naliwanagan na ako,”

nang-uuyam na pahayag niya.

“Bruce, ni-rape niya ako,” duro pa ni Alison kay Gregor. Ang huli naman ay tila natakot at nabigla sa bintang ng babae.

Pumalakpak pa si Bruce. “Kung artista ka, puwede kang pang-FAMAS. Ang galing mong umarte! Mabuti at hindi pa natutuloy ang kasal natin, kung hindi ay magiging impiyerno ang buhay ko sa iyo!”

Inihagis niya nang buong lakas ang mga dalang rosas sa kama ni Alison. Bago pa lubusang magdilim ang kanyang paningin ay umalis na siya kaagad.

Bago pa siya tuluyang nakasakay sa kotse niya ay humarang na naman sa kanyang daan si Auring. “Sir, Sir, hintay po.”

“Ano na naman? Pagtatakpan mo ba ang mga milagrong ginagawa ng amo mo?” singhal niya.

“Sir, matagal ko na po sanang gustong sabihin sa inyo ang tungkol kay Ma’am Alison kasi naaawa po ako sa inyo, eh. Matagal na po niya kayong niloloko. Kaso, wala lang po akong lakas ng loob na magsabi sa inyo. Pero, Sir, mabuti na lamang po at nabuko na po ninyo siya. Hindi po kayo bagay. Mas magiging maigi po ang buhay ninyo kung hindi po siya ang mapapangasawa ninyo.”

Sandaling kumalma ang loob ni Bruce sa sinabi ng katulong. Huminga muna siya nang malalim at ipinikit sandali ang mga mata. “Salamat, Auring,” pagkuwa’y sabi niya bago humakbang patungo sa kotse.

---

Kaagad na ipinamalita ni Bruce sa mga pahayagan na ang kasal nila ni Alison ay hindi na matutuloy. Lahat ay nagulat, hindi makapaniwala. May mga nanghinayang. Pero marami rin ang lihim na naalisan ng tinik sa dibdib nang malamang hindi na matutuloy ang kasal nila ng babae. Hindi lamang iilan sa mga kaibigan niya ang nagbabala sa kanya tungkol sa pag-uugali ni Alison. Dangan nga lamang at hindi niya pinakinggan ang mga ito.

Sa naunang mga buwan, hindi nag-aalis sa kanyang bachelor’s pad si Bruce. Wala siyang kinakausap. Ano pa nga ba ang magagawa niya sa kanyang buhay? Siya na isang mayaman, matalino at guwapong nilalang ay isa palang bigo sa pag-ibig.

Malaki ang itinulong sa kanya ni Barry na umuwi pa para damayan siya. “Tandaan mo, hindi lahat ng babae ay manloloko,” paalala nito. “Isipin mo na lang, may ina tayo. Kahit kailan ba sa buhay niya’y niloko niya ang Papa? Tulad ni Mama, marami pa diyang

mga babae na matino, malinis ang hangarin, dalisay. Lawakan mo lamang ang pang-unawa mo.”

“Ano ang gagawin ko, ’Tol?”

Natatawa si Barry sa kapatid. “Pambihira ka! Ikaw ang naturingang panganay, ikaw itong walang direksyon ang buhay. Isipin mo na lamang, blessing in disguise ang nangyari sa inyo. Start a new life. Umalis ka rito sa lungga mo. Meet other people. Kung gusto mo, magbakasyon ka muna nang ilang buwan sa hacienda natin sa Tarlac. Maglibang ka. Ikaw lang, eh. Matagal ko nang sinasabi na sa iyong bumisita ka naman sa amin sa Australia. Ayaw mo lang.”

Saglit siyang nag-isip-isip. “Sige, Barry, I’ll follow your advice. Doon nga muna ako sa Tarlac. Peaceful doon at makakapag-isip-isip ako.”

“Good. You’ll get through this and you’ll come out stronger, you’ll see.”

---

Kinabukasan din ay nagtungo sa hacienda si Bruce kasama si Barry.

“Subukan mong ikaw mismo ang personal na magtungo sa taniman natin. Subukan mong makitanim din para naman nalilibang ka rito. Dito sa

loob ng mansyon, huwag kang iinom ng masyadong maraming alak. Narito si Aling Lagring at ipababantay kita sa kanya,” parang matandang payo si Barry sa kuya nito.

Si Aling Lagring ay ang matagal na nilang katiwala sa mansyon nila sa Tarlac. Ito na rin ang nag-alaga sa kanila nang mga bata pa sila sa tuwing mamamasyal sila roon.

Walang anu-ano ay binuksan ni Barry ang radio. “Ang gawin mo, habang narito ka sa loob ng bahay, makikinig ka ng music.” Naghanap pa ito sa FM band ng akmang musika para sa kapatid. Sa wakas ay nakarinig ito ng mababa ngunit tila nang-aaliw na tinig ng isang babae.

*“Our next song is dedicated to Cecille, from Derek. Here goes the Survivors’ The Search is Over.”*

“Oops! Huwag mo nang ilipat iyan.” Ang kantang iyon kasi ang paborito ni Bruce.

Matapos ang matamang pakikinig ng magkapatid ay nagtanong si Barry. “Sana ang mga ganoong kanta ay hindi naman magpapaalala sa iyo ng... ng....”

“Ng pagkabigo ko sa pag-ibig?”

“O-oo, Brod.”

Napangiti siya sa kapatid. “Hindi ba at ikaw na rin ang nagsabi sa akin na narito ako upang maglibang? Kaya iyon ang gagawin ko.”

Muli nitong nasilayan ang genuine na ngiti niya. “Salamat naman kung ganoon.”

“Ano nga bang istasyon ’yan?” tanong niya.

Tiningnan pa nitong saglit ang radio bago idinako ang pansin sa kanya. “99.9 Radio Request.”

“Ah,” tatangu-tangong sabi niya. “Eh, sino ’yang DJ?”

“Kanina sabi, Raquel Pascual ang pangalan.”

“Parang bago lang siya, ano? Ngayon ko lang kasi siya narinig.”

Tumigil pang muli ang magkapatid habang nakikinig sa sentimental songs na pinatutugtog ni Raquel sa programa nito at nagbibigay ng ilan pang mga mensahe. Parang hinehele ang pakiramdam ni Bruce sa malamyang tinig ng babaeng disk jockey. Pakiramdam niya ay habang naririnig niya ang tinig nito ay parang siya mismo ang kinakausap nang personal. “Tol, huwag mo nang aalisin ang istasyong iyan, ha? Mula ngayon, 99.9 Radio Request na ang pakikilingan ko.”

Iyon na ang simula ng pakikinig ni Bruce sa station ni Raquel. Ang totoo, wala siya talagang hilig na makipagtawagan sa telepono at maging miyembro ng club na in-organize para sa radio callers. Una ay ayaw niyang ma-associate sa mga iyon. Para sa kanya, may pagka-cheap ang tumatawag sa radio stations. Ngunit sa patuloy na pakikinig, natuklasan niyang disente at may pinag-aralan din pala ang regular callers ni Raquel Pascual. Kaya ang unang negative impression niya ay unti-unting nabura.

Inisip ni Bruce, kung siya, mayaman, kilalang personalidad sa sosyedad na ginagalawan, hindi kaya alangan ang tumawag sa radio station?

Sinubukan niyang gawin. Matagal na niyang tinatandaan ang telephone number ng *99.9 Radio Request*.

Nag-ring ang telepono. *Ito na!* aniya sa sarili. *Hindi kaya diyaha? At ano naman ang sasabihin ko?*

“Hello, Cathy here for *Radio Request*. May I know your name?”

“Hello. This is... is....” Sasabihin ba niya ang tunay na pangalan?

“Who’s on the line, please?”



“Bruce.” Patay! Nasabi niya ang totoong pangalan. Wala na siyang ibang choice.

“Bruce, you’re caller number three. Hold on. Miss Raquel Pascual will be with you in a minute.”

Raquel Pascual! Parang nawala lahat ng kaba ni Bruce nang marinig ang pangalan ni Raquel na siya mismong kakausap sa kanya.

“*Our final caller for this evening is Bruce,*” narinig na lamang niya sa radio. “*Hello, Bruce....*”

Wala na siyang nagawa pa. Mula nang marinig mismo sa telepono ang tinig ng dalaga, nawili na siyang makipag-usap dito.

Iyon na ang simula. Ang natatandaan lamang niya, matapos na pumailanlang ang sariling tinig sa radio upang magbigay ng requested song, kinausap pa siya ni Raquel. At bago pa niya malaman iyon, kinukuha na nito ang kanyang kompletong pangalan at tirahan.

“Hindi naman pala cheap. I feel like having a family again,” bulong niya sa sarili pagkatapos ng gabing iyon.

---

Nang magsawa na sa kasisipat ng mga bagay sa

kanyang paligid, tahimik na lamang umupo si Bruce sa malambot na sofa. Doon niya nilagok ang huling patak ng iniinom na wine. Marami na ngang nangyari sa buhay niya mula nang magkahiwalay sila ni Alison. Masasabi niyang malaki ang naitulong ni Barry sa muli niyang pagbangon.

Ngayon ay payapa na ang kanyang loob. Panahon na upang mag-celebrate dahil lubusan nang nabura sa kanyang puso ang pait ng alaala sa sinapit na kabiguan sa pag-ibig.

Papunta na lamang siya sa silid nang madaanan ng tingin ang radio na nakapatong sa mesitang malapit sa kanya. Tila udyok ng damdamin, binuksan niya iyon. Muling nakatawag ng pansin niya ang mababang tinig ng isang announcer sa radio.

Mahigit isang linggo na pala mula nang huli siyang tumawag sa *Radio Request*. Nais niyang muling makausap si Raquel upang sabihin ditong nais niyang magkaroon ng selebrasyon. Sa pagkakataong iyon ay hindi na siya naiilang. Alam niyang ang ginagawang pagtawag sa telepono sa radio station ay isang bagay na kanyang kinagigiliwan. Hindi cheap at hindi pambabae lamang.

Halos mapudpod na ang daliri ni Bruce sa pagda-dial ng numero ng telepono ng *Radio Request*

bago nagbunga ng mabuting resulta ang kanyang pagpapagod.

“Hello, good evening. *Radio Request*, may I help you?” bati ng nasa kabilang linya.

“Yes, I want to speak with Raquel, please.”

“Who’s on the line, Sir?”

“Bruce.”

Iyon lang at narinig na niyang mula sa radio ang tinig ni Raquel. “Our final caller for tonight is Bruce. Bruce, you’re on the air.”

“Yes, hello. I would just like to share with you my triumph.”

“Excuse me?”

“Ako iyong new caller mo last week lang.”

Biglang nag-register dito ang pangalan ng kausap. Tandang-tanda pa nito ang lalaking nag-dedicate ng kanta para sa sarili dahil sa malapit na niyang makalimutan ang kanyang bigong pag-ibig. “Bruce!” excited na bigkas nito na tila old friend na ang caller. “Oo, natatandaan na kita. So, did you get the shirt and the cap? Naipadala na namin iyon.”

“Oo. They were nice. Thank you for making me

feel welcome.”

“You are and will always be,” sabi ni Raquel. “Now, what is the triumph you would like to share with us?”

“At last, I’m free from the bondage of a broken heart.”

“Good for you, Bruce.”

Parang nakikita na niya na nakangiti sa kanya ang DJ at sincere na sincere sa sinasabi. “That’s why I called para patugtugin mo naman ang song ni Regine Velasquez na *You’ve Made Me Stronger*. Puwede?”

“Sure, basta ikaw. This next song is for you, Bruce. Happy listening and congratulations.”

# 3

“Hindi ako makapaniwala na alalay ako ngayon ng isang modelo,” pagbibiro ni Raquel.

Itiningala niya ang tingin upang tingnan ang mukha ng matalik na kaibigan na si Winona. Nasa *Glorietta* sila at katatapos lamang mamili ng ilang mga kagamitan. Mga reference books tungkol sa radio technology at mass communications ang mga binili niya samantalang ang kasama ay pulos sapatos at mga damit.

“Ano bang alalay ang sinasabi mo diyan? Eh, tingnan mo nga at may nabili ka rin naman kahit paano.”

“Ewan ko ba naman, Win, kung bakit ako pa ang gustong-gusto mong makasama kapag nagsa-shopping ka. Marami ka namang mayayakag na mga kasamahan mo sa modelling agency mo. Nakakahiya tuloy. Kanina pa tayo pinagtitinginan ng mga tao. Ang ganda-ganda mo kasi, eh.”

“Anong ako lang? Eh, magkamukha naman tayo, di ba? Kaya tayong dalawa ang pinagtitinginan, ano!”

Lumiko sila sa *Bun On The Run*, sa ikalawang

palapag ng *Glorietta* upang magmerienda sandali bago umuwi. Sabado noon at wala siyang trabaho. Si Winona naman ay kagagaling lang mula sa Dakak kung saan ito nagpalipas ng isang linggo para sa pictorials nito.

Hinilut-hilot pa ni Raquel ang kanyang binti nang makaupo pagkatapos ay pumila sa counter at nag-order ng makakain.

“Ang sabihin mo, hindi mo lang talaga ako mapahindian,” patuloy ni Winona. “Aba! Na-miss mo yata ako, aminin mo na. At isa pa, para naman hindi lamang basta mga radio callers ang nakakausap mo. May totoong kaibigan ka na nag-e-exist pa rin. Ako ang ever loyal best friend mo, ano!”

Totoo ang sinabi nito. Sa lahat ng naging kaibigan niya, rito siya lubos na napalapit lalo na nang mamatay ang kanyang ama. Ito rin ang tumulong sa kanya upang makahanap ng bagong condominium na lilipatan. Magkatapat lang ang units nila. Iyon nga lang, dahil sa nature ng trabaho nito, lagi itong wala sa bahay. Kaya kapag nasa Maynila ito ay sinasamantala nila ang pagkakataong magkasama sa lahat ng mga lakad.

Pagkatapos nilang kumain, nahuli siya nitong nakatitig dito.

“O, ano ang tinitingnan mo sa akin? May dumi ba ako sa mukha?”

Natawa siya. “Wala, natutuwa lang ako sa iyo. Bihira kasi ang mga katulad mo.”

“Ano ba iyang pambobola mo? Sabi ko na nga ba at na-miss mo ako, eh.”

“Hindi. Kasi maganda ka na, mabait pa; hindi lumalaki ang ulo mo. Kahit na alam mong marami ang humahanga sa kagandahan mo, hindi ka pa rin nagyayabang.”

“Tigilan mo na nga ako, Miss Raquel Pascual. Ikaw nga diyan, eh. Sikat na sikat ka na. Sikat na sikat na rin ang programa mo. Akala mo ba, hanggang Dakak ay pinakikinggan ang programa mo. Kaya naman very proud ako sa iyo at lagi kong sinasabi na best friend kita.”

“Salamat naman and my program is doing well. Alam mo namang mula nang mamatay si Daddy, ini-devote ko na ang lahat ng panahon ko sa profession ko.”

“Oo nga. Kaya tingnan mo ngayon ang lovelife mo, zero!”

Biglang may naalaala si Raquel. “Kumusta na

nga pala si Edwin?”

“Sinong Edwin?”

“Ito talaga. Para namang hindi niya boyfriend iyong tinatanong ko sa kanya.”

“Oh, *that* Edwin!” Nagtawanan pa sila bago ito magpaliwanag. “Hayun, bumalik na siya sa Los Angeles. Magpapatuloy daw doon sa pag-aaral.”

“Eh, paano na kayo?”

“Eh, di wala na. Sa simula pa naman, parang hindi na kami bagay. Very intellectual ang personality niya. Ako? 'Eto, happy-go-lucky. Ewan ko ba pero alam mo naman siguro, di ba? Maging hilig ko man ang pag-aaral, ang pag-aaral ang walang hilig sa akin. Buti nga at nagkaroon pa ako ng profession. That's why I love my work.”

“Ganoon lang ba iyon? Wala na kayo? Ang bilis naman! Parang nagpapalit ka lang ng damit kung magpalit ng boyfriend.”

“Sobra ka naman! Would you believe, ngayon nga ay parang nagla-lie low ako sa paghahanap ng ka-date. Parang napapagod din ako. Parang gusto ko munang mag-take ng rest sa mga boy-girl relationships.”



“Naku, ha! Baka naman manibago ako sa iyo.”

“Talagang maninibago ka, Raquel. Dahil kahit na magla-lie low ako sa relationships sa personal life ko, may mission ako.”

“At ano naman ang mission mo, Winona Bayle?”

“Ang i-boost naman ang lovelife mo.” Itinuro pa nito sa kanya ang daliring may koloreteng pula sa kuko.

Nagulat siya. “Ako? Tutulungan mong magkaroon ng boyfriend?”

“O, bakit? Ano ang problema doon?”

“Oh, come on!”

“Aba, ’ba, ’ba, ’Day! Baka mahuli ka na niyan sa biyahe. Hindi mo namamalayang marami na palang guwapong lalaki na nag-aabang sa iyo pero hindi mo napapansin. Dahil nakakulong ka sa trabaho mo!”

“Eh, nakakainis naman kasi iyong mga nagiging manliligaw ko. Tingin ko, they aren’t right for me. And I doubt kung may lalaki pang magkakagusto sa akin.”

“Aba, bakit naman wala? Look at yourself, you’re beautiful. You have eyes that speak a thousand

words. Matalino ka, mahusay sa buhay... Ano pa ang tatanggihan ng lalaki sa iyo?”

Natawa si Raquel sa narinig.

“O, bakit ka naman tatawa-tawa diyan?”

“Alam mo namang mahiyain akong makisalamuha sa mga lalaki. Mabuti sana kung naging kasing-ganda mo ako. Kung may mukha lang ba akong tulad ng mukha mo, hindi ako mahihiyang humarap sa mga tao.”

Totoo ang sinabi niya. Talagang napakaganda ng kanyang kaibigan. Halos magkandabali-bali ang mga leeg ng mga lalaking nakakasalubong nila sa katitingin kay Winona. Palibhasa model, napakahusay pa nitong magdala ng damit.

“Ito talagang kaibigan ko, lagi mo na lang binababa ang sarili mo. Alam mo, ang laki ng problema mo, eh.” biro nito.

“At ano naman ang problema ko, aber?”  
Pinanlakihan niya ito ng mga mata.

“Ang tawag diyan, inferiority complex. Napakababa ng self-esteem mo. Kung may tableta lamang na iniinom para ma-boost ang self-esteem mo, matagal ko na iyong pinainom sa iyo. Kaya

*It Might Be You - Marga Soriano*

---

kung pagbibigyan mo lamang akong makahanap ng inspiration mo sa buhay, I guarantee you na mas lalong magiging effective ka sa trabaho mo. Pati 'yang inferiority complex mo, maalis din.” Hinawakan pa nito ang dalawang kamay niya. “Sige na, please. Pumayag ka nang makahanap ako ng someone special mo. Please.”

Wala na ring nagawa si Raquel. Kilala niya ang kaibigan. Kapag nakapagdesisyon, hindi na nababago ang isip nito. “Bahala ka na nga.”